KAPASIYAHAN BAYAN BILANG 94-165

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA ANG APLIKASYON NG LAMBORGHINI TRANSIT, INC. PARA SA LOCATIONAL CLEARANCE NG KANILANG ITATAYONG BUS TERMINAL SA BARANGAY TUNASAN, MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA.

***************************************************************

Ipinanukala ni: Kgg. Arturo S. Bunyi

***************************************************************

SAPAGKAT, ang Lamborghini Transit, Inc. na may address sa Block 55, Lot 1, Soldiers' Hills Village, Putatan, Muntinlupa, Kalakhang Maynila at kinakatawan ni G. Henry I. Tumala ay nag-apply sa Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ng locational clearance para sa itatayo nilang bus terminal sa Barangay Tunasan, Muntinlupa, Kalakhang Maynila;

SAPAGKAT, ang pagtatayo ng bus terminal ay makatutulong sa pagkakaroon ng maayos na garahe o terminal ng isa sa pinakamalaking kumpanya ng bus na bumibiyahe sa Bayan ng Muntinlupa sa halip na sa tabi ng mga lansangan ipaparada ang mga bus;

SAPAGKAT, ang bus terminal ay para lamang sa limampung (50) bus na igagarahe dito batay sa pahintulot na ipagkakaloob dito;

SAPAGKAT, ang bus terminal ay magkakaroon ng hiwalay na pasukan (ingress) at labasan (engress) para sa maayos na daloy ng takbo ng bus dito;

SAPAGKAT, ang nasabing kumpanya ay mag-iinstila ng grease trap sa loob ng terminal upang maiwasan ang polusyon na maaaring maidulot nito kapag umagos patungong mga creeks at ilog;

SAPAGKAT, binibigyan ang naturang kumpanya ng SIYAMNAPUNG (90) araw upang ang tinutukoy sa talata bilang 4 at 5 ng kapasiyahang ito ay maisagawa;

SAPAGKAT, ang pagpasok at paglabas ng terminal ng mga bus ay magkakaroon ng one hour interval pagsapit ng ika-6:30 ng umaga at bago sumapit ang ika-10:00 ng gabi;

SAPAGKAT, ang pagpapatupad ng nabanggit na proyekto ay makatutulong sa Pamahalaang Bayan sa pamamagitan ng buwis na ibabayad dito;

REPUBLIKA NG PILIPINAS
# PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
TEL.NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa bisa ng kapangyarihang ipinagkaloob dito ng Housing and Land Use Regulatory Board (HLURB) ay napagpasiyahan na pagtibayin ang aplikasyon ng Lamborghini Transit, Inc. para sa locational clearance ng itatayong bus terminal sa Barangay Tunasan, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-98th regular na pulong na ginanap ngayong ika-22 ng Agosto, 1994.

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

(Absent)
KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan